**The Normal Lights**
**2024, Volume 18, Issue No. 1**

PHILIPPINE NORMAL UNIVERSITY
*National Center for Teacher Education*

# Ang Ina sa mga Piling Kontemporaneong Kuwentong Pambata: Eklektikong Pagbasa sa Dimensyon ng Kasarian at Uri

Ainah Corina B. Dimasacat [a], at Praksis A. Miranda[b]

[a]dimasacat.acb@pnu.edu.ph

[a]Philippine Normal University/Enderun Colleges and [b]Philippine Normal University

**ABSTRAK**

Aambag ang pag-aaral na ito sa kritikal na pagsusuri ng mga piling panitikang pambata sa pamamagitan ng pagpapalitaw sa karanasan ng ina sa lipunang Pilipino. Nilayon nitong tukuyin ang gampaning panghanapbuhay ng ina at identidad ng kapamilya, at mabatid ang ugnayan nito sa danas ng ina. Gamit ang *content analysis*, 11 aklat pambata sa Filipino mula 2009 hanggang 2016 ang pinili at sinuri batay sa eklektikong konseptuwal na balangkas na binubuo ng *literary realism*, peministang kritisismo ng literatura at teorya ng Interseksyonalidad na nakatuon sa kasarian at uri. Lumitaw sa pagdadalumat na ang nagsasalikupang natukoy na identidad ng ina at ng kapamilya, gayondin ang uring kinabibilangan nila ay nakaaapekto sa kabuuang danas ng ina. Bilang kongklusyon, nakatulong ang pagsusuri dalumatin ang representasyong panlipunan ng mga karakter na maaaring gamitin sa pag-unawa ng *learner diversity*, gayondin ang paglinang sa mga kompetensi ng pagbasa at pag-unawa.

**ABSTRACT:**

This study contributes to the critical analysis of selected children's literature by highlighting the experiences of mothers in Philippine society. It aims to identify the occupational roles of mothers and their family members' social identities, exploring their connection to maternal experiences. Utilizing content analysis, 11 Filipino children's books from 2009 to 2016 were selected and

**ARTICLE HISTORY**

**Lead Editor:**
Marie Paz E. Morales, PhD

**Received:**
April 13, 2023

**Revised:**
April 24, 2024

**Accepted:**
May 20, 2024

**MGA SUSING SALITA**

Interseksyonalidad, *literary realism*, panitikang pambata, peministang kritisismo ng literatura, representasyong panlipunan

Dimasacat, A.C.B. & Miranda, P.A. (2024). Ang ina sa mga piling kontemporaneong kuwentong pambata: Eklektikong pagbasa sa dimensyon ng kasarian at uri. *The Normal Lights, 18*(1), 31–54.

Corresponding Author: dimasacat.acb@pnu.edu.ph

examined based on an eclectic conceptual framework comprising literary realism, feminist literary criticism, and intersectionality theory focusing on gender and class. Findings reveal that the intersection of mothers' identified social identities and those of their families, along with their social class, affect the overall experiences of mothers. Hence, this analysis aids in understanding the social representation of characters, benefiting classrooms by enhancing comprehension of learner diversity and improving reading competencies.

## Introduksiyon

Malaking bagay ang ginagampanan ng mga akdang pampanitikan sa paghubog ng kaalaman at kamalayan ng mga mambabasa nito. Makapangyarihang gamit ang mga kuwentong pambata upang magturo ng mabubuting asal, gawi, at kultura. Sa naging panayam ni Villanueva (2020) kay Genaro Gojo Cruz, isang batikang manunulat ng mga kuwentong pambata sa Pilipinas, inihayag nitong ang paglalathala ng mga aklat pambata ay makatutulong gamutin ang maraming problemang panlipunan. Bukod dito, higit pa sa tunguhing turuan ang mga bata ng araling pangwika na nakasandal sa panitikan, ang mga nililikhang kuwento ay nagsisilbing esensiyal na pantulong na kagamitan sa mga unang yugto ng pag-aaral. Dagdag pa sa aral na matatamo, napatunayan ding nakaaambag sa pag-unlad ng pagkatuto ang mga ilustrasyong kasama sa mga tipikal na inililimbag na aklat-pambata (Bulut Ozsezer at Canbazoglu, 2018). Kung kaya, mahalagang masipat ang nilalaman ng mga akdang pambata upang mas mapalalim ang pag-unawa sa inilalatag na mensahe, isyu, ideya at kaalaman.

Ang pangunahing layunin ng kasalukuyang pananaliksik ay suriin ang mga karakter na ina sa mga piling aklat pambata gamit ang eklektikong konseptuwal na balangkas na binubuo ng mga lente ng *literary realism*, peministang kritisismo ng literatura, at interseksyonalidad. Ang pagtuon sa dimensyon ng kasarian at uri ay batay sa: a) katangian ng *literary realism* na sinasalamin ang pang-araw-araw na danas ng buhay ng tao at mahalagang pokus sa *uri,* b) pagtuon sa karakter na ina at kung paanong makikita sa kanilang kuwento ang patriarkang opresyon na pokus ng *feminist literary criticism,* at c) pagsasalikop ng opresyong dulot ng kasarian at uri batay sa teorya ng *intersectionality.* Mula sa naturang eklektikong lente, tutugunan ng pag-aaral na ito ang sumusunod na tiyak na layunin: una, matukoy ang gampaning panghanapbuhay ng mga karakter na ina at identidad ng kanyang kapamilya, at ikalawa, mabatid ang ugnayan ng mga matutukoy na kategorya sa danas ng ina sa mga kuwento. Ang nabanggit na eklektikong lente ay mahalagang pamamaraan upang lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang lipunang Pilipino na nirerepresenta ang kanila danas sa pamamagitan ng kuwento. Ang representasyong panlipunan ng mga karakter ay malaki ang naitutulong upang maunawaan ang *learner diversity.* Habang ang pagsipat gamit ang mga lente ng pagsusuring

pampanitikan ay makatutulong sa paglinang ng *reading comprehension* at *critical thinking skills* ng mga mag-aaral.

## Kuwento at Kuwenta ng mga Panitikang Pambata sa Pilipinas

Payak at *wholesome* (Evasco, 2014 sa Sagun at Luyt, 2020) ang ilan sa tradisyunal na paglalarawan sa mga kuwentong pambata dahil isinasaalang-alang ang edad ng nais pukawin ng mensahe ng akda. Itinuturing din ang *genre* na bukal ng kabutihang-asal at wastong pag-uugali (Mante-Estacio, Dumalay, at Rentillo, 2018). Ayon kay Majul (2017), makapangyarihan ang impluwensiya ng panitikang pambata sa paghubog ng pagtingin ng bata sa mga usapin o penomenong panlipunan na maaaring kasangkutan nila. Sa ganitong pag-unawa, mahalaga ang pagkakaroon ng akses sa ganitong uri ng babasahing maaaring ikonsumo upang makapagturo sa mga bata. Gayonpaman, nananatili ang mga kritik sa *genre* tulad ng katawagang "hot pandesal mentality" ni Virgilio Almario na muling binanggit ni Evasco (2016, sa Aguinaldo, 2023). Tumutukoy ito sa paulit-ulit na paglalathala nang nakasanayang tema ng mga akdang pambata sa Pilipinas.

Bunsod nito, nagsimulang maglathala ang ilang palimbagan ng mga aklat pambatang tumatalakay sa ilang reyalidad sa buhay ng batang Pilipino. Sa pag-aaral ni Aquino (2023), binanggit na ilan rito ay tungkol sa: 1) kuwento ng batang inspirasyon ang naratibo ng isang binatilyong biktima ng *War on Drugs* (*Si Kian*, 2017); 2) mga batang *survivors* ng kaguluhan sa Marawi (*Water Lilies for Marawi*, 2018); 3) isang batang katutubo at mga kaklaseng palipat-lipat ng paaralan dahil sa madalas na engkuwentro ng militar at katutubong Lumad (*Si Laleng at ang Lakbay-Paaralan*, 2020). Mula rito, mapapansing umaalagwa na sa nakasanayan at ipinakikilala na sa batang mambabasa ang mga seryosong isyung bahagi ng naratibo ng ibang batang Pilipino.

Kasama na rin dito ang mga aklat tulad ng "Ako ay May Titi" ni Genaro Gojo Cruz (2019) at "Ako ay May Kiki" ni Glenda Oris (2020) na kapwa maingat na tumalakay sa mga pribadong bahagi ng katawan ng batang babae at lalaki. Pinatotohanan ng paglilimbag sa mga binanggit na akda ang pagbabago sa tunguhin ng panitikang pambata sa bansa. Ayon na rin kay Gojo Cruz na binanggit sa panayam ni Villanueva (2020), mahalaga para sa mga batang Pilipino na kumpleto ang mga paksang tatalakayin sa kanila upang maging kumpleto rin ang kanilang kaalaman at karanasan bilang bata. Ang mga naturang akda ay sumasalamin sa iba-ibang danas ng batang Pilipino dulot ng iba-ibang representasyong panlipunan na hinuhubog ng mga istruktura at/o mga pagbabago sa mga istrukturang ito.

## Representasyong Pangkasarian sa mga Akdang Pampanitikan at Kagamitang Pampagkatuto


Patuloy na dumarami ang mga kritik sa usapin ng kasarian sa mga kuwentong pambata at kagamitang pampagkatuto. Mayroong pokus sa depiksiyon ng Pilipina sa mga maikling kuwento at epekto nito sa pag-unlad ng gampaning pangkasarian (D. Tiangson, 2018); pagsipat

sa seksismo sa mga teksbuk sa Ingles sa antas *pre-school* (Tarrayo, 2014); representasyong pangkasarian sa mga aklat pambata (Mante-Estacio, Dumalay, at Rentillo, 2018); representasyon at estiryutipong pangkasarian sa mga kagamitang pampagkatuto sa Ingles sa junior high school (Manalo, 2018, at Briones, 2019) at teksbuk (Java at Parcon, 2016). Subalit batay sa mga resulta, umiiral pa rin ang pagkiling sa representasyon ng mga lalaki (Marie Paz Morales: Briones, 2019; Java at Parcon, 2016; Manalo, 2018; Mante-Estacio, Dumalay, at Rentillo, 2018; Tarrayo, 2014). Kaya naman, malinaw ang puwang na dapat punan ng pag-aaral sa naratibo ng babae, gamit ang angkop na lente sa pagsusuri.

Sa pagsusuri sa mga kagamitang pampagkatuto, lumabas na kakaunti ang gampaning panghanapbuhay para sa mga babae. Partikular ang representasyong para lamang sila sa mga gawain sa loob ng bahay (Tarrayo, 2014); mga trabahong hindi gaanong mangangailangan ng kasanayan sa pamumuno, at mababa ang kita (Manalo, 2018), at may mga trabahong para sa mga lalaki, at tanging pagiging guro ang para sa babae (Briones, 2018). Habang sa pag-aaral nina Java at Parcon (2016), sinuri ang pagkatawan sa dalawang kasarian sa gampaning reproduktibo, gampaning produktibo, at gampaning pangkomunidad. Lumabas sa mga sinuring teksbuk na mas aktibo sa mga gampaning produktibo at pangkomunidad ang mga lalaki, habang ang mga babae ay sa gampaning reproduktibo. Hindi malayo rito ang resulta ng pag-aaral ni D. Tiangson (2018) na mas espisipiko ang depiksiyon sa kababaihan sa piling maikling kuwento. Matiising biktima, masunuring asawa, pasaway na anak na babae, at mapagprotektang ina. Mula rito, mauunawaang limitado pa rin ang mga nakalimbag na materyal na nakatuon sa kritikal na pagsusuri sa mga salik na nakaaapekto sa kuwento ng babae.

**Pigura 1**

*Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral*



Ang pagsusuri sa mga nalathalang akdang pambata ay mahalagang isagawa upang masipat kung tumutugon ang mga ito sa tunguhin ng *gender responsive education* (DepEd Order No. 32, S. 2017; CHED Memorandum Order No. 1, S. 2015). Bagama't maraming pag-aaral ang nagbigay-tuon sa mga kagamitang pampaaralan, may kakulangan naman sa pagsusuri ng mga aklat pambata. Ang pag-aaral lamang nina Mante-Estacio, Dumalay, at Rentillo (2018) ang nagsuri ng representasyong pangkasarian sa 60 aklat pambata sa Pilipinas mula 2006-2017. Ito ang puwang na pinunan ng kasalukuyang pananaliksik.

May ambag ang pag-aaral na ito sa larang ng *Gender and Development* (GAD) sa pangkalahatan. Nakaaambag din ang pagsusuring ito sa *feminist theorizing*, ispesipiko sa paggamit ng Teorya ng Interseksyonalidad, reyalismo, at peministang kritisismo ng literatura sa konteksto ng lipunang Pilipinong nakapaloob sa mga panitikang pambata.

## Konseptuwal na Balangkas

Ang *literary realism* ay isang pagbasa sa akdang pampanitikan na sinasalamin ang pang-araw-araw na danas ng buhay ng ordinaryong tao, nang walang idealisasyon o romantisasyon (Lukács, 1963) kung kaya't mahalaga ang pokus sa *uri* at epekto nito sa danas niya (National Bookstore, 2016). Tumutuon naman ang *feminist literary criticism* sa pagpapalitaw kung paanong ang karakter na babae sa akdang pampanitikan ay dominado ng patriarka sa pamamagitan ng iba-ibang mukha ng dimensiyon ng opresyon – ekonomikal, pulitikal, sosyal, at sikolohikal (Tyson, 2006, p. 83). Mula sa dalawang nabanggit na lente ay makikita ang danas ng karakter ng ina at ang kanyang kinabibilangang uri. Kaugnay nito, mahalaga ang gampanin ng Teorya ng *Intersectionality* o Interseksyonalidad (Crenshaw, 1989 sa Carastathis, 2014). Isa itong teorya ng Feminismo na isinasaalang-alang ang iba-ibang kategorya ng identidad ng babae. Kinikilala nito na may iba-ibang sistema ng opresyon at dominasyon na nararanasan ang isang babae (TVUP, 2019). Hindi lamang nakatuon sa isyu ng kasarian. Nais ding sipatin ang kategorya ng identidad sa lipunan *(social identities)* tulad ng lahi, edad, uri, etnisidad, relihiyon, oryentasyong seksuwal, kultura, lokasyong heyograpikal, at iba pa. Kailangang tingnan ang iba pang salik na nakaaapekto sa kanilang kabuuang danas.

Dagdag dito ang isa pang mahalagang aplikasyon ng interseksyonalidad – ang identidad ng kapamilya. Nakaaapekto ang identidad ng kapamilya sa danas ng ina, halimbawa ang uri ng asawa gayondin ang identidad ng anak. Makikita sa Pigura 1 ang konseptuwal na balangkas ng pag-aaral.

Ang paggamit sa eklektikong konseptuwal na balangkas na binubuo ng *literary realism*, peministang kritisismo ng literatura at interseksyonalidad ang primaryang ambag ng pananaliksik upang palalimin at palawakin ang *literary theory*. Umaambag din ang pagsusuri sa mga pag-aaral na tumutugon sa malawak na layunin ng GAD na bigyang boses

at espasyo ang naratibo ng kababaihan, lalo na nakapaloob sa konteksto at kuwento ng mga aklat-pambata sa Pilipinas.

## Metodolohiya

Bilang *case study*, labing-isang (11) kontemporaneong aklat pambata na isinulat ng mga Pilipinong awtor at inilathala mula 2009 hanggang 2016 ang pinili bilang *cases* gamit ang *purposive sampling* (tingnan ang Talahanayan 1). Sa kasalukuyang pag-aaral, sinusuportahan ang pagtukoy sa kontemporaneo bilang mga akdang nalathala sa hindi malayong nakaraan, at nakapaloob sa panahong ika-21 siglo. Tumugon ang mga akda sa sumusunod na pamantayan: a) may katangian ng *literary realism*; b) may tungkol sa relasyon ng ina at anak; c) kakikitaan ng pagsasalikop ng ibang kategorya ng kapamilya, at; d) maaaring mabili sa mga pamilihan ng aklat. Ang mga ito ay orihinal na nakasulat sa wikang Filipino at may salin sa wikang Ingles. *Content analysis* ang ginamit sa pagsusuri ng datos. Masinsing sinuri at inunawa ang mga bahagi (e.g., dayalogo) ng teksto upang bigyang-linaw ang katuturan ng naratibo. Sinipat ang nilalaman ng mga kuwento gamit ang eklektikong konseptuwal na balangkas.

**Talahanayan 1**

*Mga Piling Kontemporaneong Panitikang Pambata*

| Pamagat at Taon ng Publikasyon | Awtor at Tagaguhit | Tagapaglimbag |
|---|---|---|
| *Ipinaglihi sa Labanos*<br>2016 | Gatmaitan, L. (R. Sunga, Illus.) | Anvil Publishing, Inc. |
| *Yaya Niya, Nanay Ko*<br>2015 | Remigio, M. C. (N. Lim, Illus.) | UNICEF |
| *Ang Sabi ni Nanay, Ang Sabi ni Tatay*<br>2015 | Calagapi, S. (J. Bauza, Illus.). | |
| *Munting Opisina ni Nanay*<br>2015 | Gonzalez, F. R. (B. Parrocha-Doctolero, Illus.). | Lampara Publishing House, Inc. |
| *Ang Pambihirang Babaeng Hindi Umuupo*<br>2014 | Molina, R. (R. Joson, Illus.) | |
| *Mommy ni Kuya, Mommy Ko*<br>*2014* | Matias Jr., S. (G. Madueño, Illus.). | |
| *Siya ba ang Inay ko?*<br>2012 | Matias Jr., S. (J. Tejido, Illus.). | |
| *Superwoman si Inay!*<br>*2010* | Matias Jr., S. (G. Madueño, Illus.). | |
| *Sikat ang Mommy ko!*<br>2009 | Matias Jr., S. (Z. Bascon, Illus.). | |
| *Ang Sapatos ni Mommy*<br>2009 | Matias Jr., S. (J. Dandan-Albano, Illus.). | |

| | | |
|---|---|---|
| *Ang Ikaklit sa aming Hardin* 2012 | Neri, B. V. (C. de Silva, Illus.) | Raintree Trading and Publishing, Inc. |

## Resulta ng Pag-aaral

**Talahanayan 2**

*Unang Kaso: Munting Opisina ni Nanay*

| Ekonomikong Gampanin ng Karakter na Ina at Maikling Sipi | Identidad ng kapamilya |
|---|---|
| *elevator operator;* mahihiwatigang *single mother* | walang pagbanggit sa karakter na asawa |
| "[…] maliit man ang opisina ni Nanay, alam kong tumutulong siya sa mga tao para makarating ang mga iyon sa mga pupuntahang palapag." (pah. 29) | tipikal na batang lalaki ang anak |

Sa kuwento, walang pagbanggit sa karakter na asawa kung kaya't mahihiwatigang *single mother* ang karakter na ina at nabibilang sa mababang uri dahil: a) maliit lamang ang arawang sahod ng isang *elevator operator* at kadalasan ay bahagi ng kontraktuwalisadong lakas paggawa – ibig sabihin, walang mga *benefits* na tinatanggap ng isang permanente at *full-time* na manggagawa (hal. Philhealth, Pag-Ibig, SSS), at, b) mag-isang pinapasan ang ekonomikong gampanin na buhayin ang anak.

**Talahanayan 3**

*Pangalawang Kaso: Yaya Niya, Nanay Ko*

| Ekonomikong Gampanin ng Karakter na Ina at Maikling Sipi | Identidad ng kapamilya |
|---|---|
| local domestic helper; single mother | tipikal na batang babae ang anak |
| "Yaya ang nanay ko. Yaya ng batang tulad ko." (pah.1) | *senior citizen* na ina (lola ng bata) |

Walang pagbanggit sa karakter na asawa sa kuwento kung kaya't mahihiwatigang *single mother* ang ina at nabibilang sa mababang uri dahil: a) maliit lamang ang arawang sahod ng isang *domestic helper,* b) mag-isang pinapasan ang ekonomikong gampaning buhayin ang maliit na anak, at c) implisitong inihayag na ang lola ay maaaring nakadepende rin sa karakter na ina.

**Talahanayan 4**

*Pangatlong Kaso: Ang Sabi ni Nanay, Ang Sabi ni Tatay*

| Ekonomikong Gampanin ng Karakter na Ina at Maikling Sipi | Identidad ng kapamilya |
|---|---|
| *Housewife* | *taxi driver* ang asawa |
| Binanggit sa kuwento na tinuturuan ng nanay ang anak na babae na matutong magluto (pah. 2), maglaba (pah. 4), magbadyet (pah.6) dahil paglaki raw nito, siya ang dapat gumawa ng lahat ng ito. | tipikal na batang babae at lalaki ang mga anak |

Sa kuwentong ito, mahihiwatigang mababang uri ang pamilya dahil: a) maliit lamang ang kinikita ng isang *taxi driver,* b) mag-isang pinapasan ng asawang lalaki ang ekonomikong gampanin na buhayin ang kanyang misis at dalawang anak.

**Talahanayan 5**

*Pang-apat na Kaso: Ang Pambihirang Babaeng Hindi Umuupo*

| Ekonomikong Gampanin ng Karakter na Ina at Maikling Sipi | Identidad ng kapamilya |
|---|---|
| *saleslady*; *single mother/biyuda* | tipikal na batang lalaki ang anak |
| "Tuwing pinauuwi kami nang maaga sa eskuwelahan ay binibisita ko si Nanay sa *mall* kung saan siya nagtatrabaho." (pah. 10) | |

Ang pamilya ng ina sa kuwento ay mahihiwatigang mababang uri dahil: a) maliit lamang ang kinikita ng isang *saleslady* at kadalasan ay bahagi ng kontraktuwalisadong lakas paggawa, b) mag-isang pinapasan ng karakter na ina ang ekonomikong gampanin na buhayin ang anak.

**Talahanayan 6**

*Panlimang Kaso: Superwoman si Inay!*

| Ekonomikong Gampanin ng Karakter na Ina at Maikling Sipi | Identidad ng kapamilya |
|---|---|
| raketera (mayroong sari-saring trabaho) | *jeepney driver* ang asawa |

| | |
|---|---|
| "Kilala ang inay ko dahil marunong siyang mag-*manicure* at *pedicure*." (pah. 6)<br><br>"Pero hindi lang naman doon siya kilala – dahil sa malaking bayong na dala-dala niya, sarisaring damit at minsan naman ay mga sapatos ang naroon para itinda niya." (pah. 7) | tipikal na batang lalaki at may sanggol na anak |

Mahihiwatigang mababang uri ang pamilya sa kuwento dahil: a) maliit lamang ang maaaring kitain sa mga raket ng karakter na ina, b) bagama't katuwang sa ekonomikong gampanin ang asawang *jeepney driver* ay maliit din lamang ang kinikita nito c) ang pagkapanganak ng sanggol ay nangangahulugan ng dagdag na ekonomikong gampanin.

**Talahanayan 7**

*Pang-anim na Kaso: Ang Sapatos ni Mommy*

| Ekonomikong Gampanin ng Karakter na Ina at Maikling Sipi | Identidad ng kapamilya |
|---|---|
| *single mother*<br><br>Nagsabi si Luigi na gusto niya ng PSP bilang regalo. "Luigi, anak, sobrang mahal yata n'on," (pah. 21) | tipikal na batang babae at lalaki |

Sa kuwentong ito, mahihiwatigang mababang uri ang pamilya ng ina dahil: a) hindi agad maibili ang Playstation Portable (PSP) ng anak; b) hindi nag-o-order ng para sa sarili niya kapag kumakain sa labas at kinakain na lamang ang tira ng anak; c) hindi siya makabili ng bagong sapatos.

**Talahanayan 8**

*Pampitong Kaso: Mommy ni Kuya, Mommy Ko*

| Ekonomikong Gampanin ng Karakter na Ina at Maikling Sipi | Identidad ng kapamilya |
|---|---|
| mahihiwatigang *housewife*<br><br>"Si Kuya Victor na naman!" - reaksyon ng anak dahil laging sinasamahan ng nanay ang panganay sa school bus at/o paaralan samantalang siya ay kaya niyang mag-isa (pah. 3) | walang pagbanggit sa karakter na asawa<br><br>dalawang anak – may *down syndrome* ang panganay na anak na lalaki; tipikal ba batang babae ang bunso |

Bagama't walang pagbanggit sa asawang lalaki sa kuwento ay implisitong siya ang bumubuhay sa pamilya at mahihiwatigang sila'y gitnang uri dahil: a) kayang pag-aralin nang sabay ang dalawang anak, lalo na't may *special needs* ang isa na dagdag gastusin; b) may pagbanggit na sinusundo ang dalawang bata ng *school bus* na kadalasang pribilehiyo ng pribadong paaralan, at; c) kayang mag-*full-time housewife* ng ina.

**Talahanayan 9**

*Pangwalong Kaso: Ang Ikaklit sa aming Hardin*

| Ekonomikong Gampanin ng Karakter na Ina at Maikling Sipi | Identidad ng kapamilya |
|---|---|
| hindi binanggit ang trabaho ngunit mahihiwatigang kabilang sa gitnang uri<br><br>"Palagi rin kaming naglilibot. Namamangka kami sa lawa ng Burnham Park…" (pah. 3)<br><br>"[…] Namimitas kami ng strawberry sa Strawberry Farm. Dinadalaw rin namin ang mga museo sa Baguio. Sa lahat ng aming pinupuntahan, pinakapaborito ko ang Botanical Garden." (pah. 5) | lesbiyana ang *partner* ng ina (at ang ina ay lesbiyana rin) |

Sa kuwentong ito, walang pagbanggit sa ekonomikong gampanin ng karakter na ina at ng lesbiyanang *partner* ngunit mahihinuhang sila'y gitnang uri sapagkat, a) nakapapasyal sila sa mga pasyalan sa Baguio; b) pumapasyal sila sa mga museo ng naturang siyudad – na implisitong indikasyon na mataas ang pinag-aralan ng karakter na ina at ng lesbiyanang *partner* nito.

**Talahanayan 10**

*Pangsiyam na Kaso: Siya ba ang Inay ko?*

| Ekonomikong Gampanin ng Karakter na Ina at Maikling Sipi | Identidad ng kapamilya |
|---|---|
| *semi-skilled OFW* | magsasaka ang asawa |
| "Ako ang nanay mo. Kaya lamang ay hindi kita laging nakakasama, kasi nagtatrabaho ako abroad… Kailangan para matulungan ko ang tatay mo. Kasi hindi nagkakasya ang kinikita niya sa pagsasaka." (pah. 24) | tipikal na batang babae at lalaki ang mga anak |

Mahihiwatigang gitnang uri ang pamilya sa kuwento batay sa mga sumusunod: a) higit na malaki ang kita sa ibang bansa ng karakter na ina, subalit dahil siya ay *semi-skilled* ay kadalasang bahagi ng kontraktuwalisadong lakas paggawa, b) bagama't katuwang niya sa ekonomikong gampanin ang asawang magsasaka, ang pagsasaka ay *seasonal* ang pasok ng kita.

**Talahanayan 11**

*Pangsampung Kaso: Ipinaglihi sa Labanos*

| Ekonomikong Gampanin ng Karakter na Ina at Maikling Sipi | Identidad ng kapamilya |
|---|---|
| *housewife*<br><br>"Lakas loob kong nilapitan si nanay habang nanunulsi ng damit." (pah. 15) | binanggit ang asawa ngunit hindi sinabi ang trabaho<br><br>ampon ang isa sa mga anak na babae |

Bagama't walang pagbanggit sa trabaho ng karakter na asawa sa kuwento, mahihinuhang gitnang uri ang pamilya dahil kayang mag-*full-time housewife* at inilarawan ang bahay na tinutuluyan ng kanilang mga kamag-anak. Dalawang bagay ang maaaring ipahiwatig nito: a) medyo may kalakihan ang bahay upang makapagpatira ng ibang tao, at b) may pinansiyal na kapasidad na mag-ampon.

**Talahanayan 12**

*Panglabing-isang Kaso: Sikat ang Mommy Ko*

| Ekonomikong Gampanin ng Karakter na Ina at Maikling Sipi | Identidad ng kapamilya |
|---|---|
| *housewife*<br>(dating *accomplished career woman*)<br><br>"Ano'ng dahilan at bakit ka nag-resign? Ikaw ang highest-paid woman executive sa Pilipinas, hindi ba?" (pah. 13)<br><br>"Gusto kong ibuhos ang buong panahon ko sa anak ko. Kaya pinili kong maging full-time mom." (pah. 13) | negosyante ang asawa<br><br>tipikal na batang babae ang anak |

Mahihiwatigang mataas na uri ang pamilya sa kuwento dahil: a) dating matagumpay na *career woman* ang karakter na ina; b) mahihinuhang negosyante ang asawa*,* at d) nakatira sa isang *condominium unit* ang pamilya.

## Pagtalakay sa Resulta ng Pag-aaral

### *Pagdalumat sa interseksyonalidad ng kasarian at uri sa mga kontemporaneong panitikang pambata*

Inilatag sa mga naunang talahanayan ang mga tala ukol sa gampaning panghanapbuhay ng mga ina at identidad ng kapamilya, lalo na ng asawa o *partner* at ng (mga) anak na sinusuportahan ng mga maiikling sipi na sumalamin sa uring kinabibilangan ng pamilya. Ang susunod na talahanayan ay ang *summary table* ng mga lumitaw na uri ng pamilya batay sa trabaho ng karakter na ina at asawa o *partner* nito. Makikita rin ang bilang ng kaso na simula sa puntong ito ay gagamiting pamalit na pantukoy sa pamagat ng mga akdang pambata.

**Talahanayan 13**

*Uring Panlipunang Kinabibilangan ng Pamilya*

| Bilang ng Kaso | Pamagat ng Aklat Pambata | Lumitaw na Uri ng Pamilya (pinagsamang uri ng karakter na ina at asawa o partner) |
|---|---|---|
| 1 | Munting Opisina ni Nanay | |
| *2* | Yaya Niya, Nanay Ko | Mababang uri |
| 3 | Ang Sabi ni Nanay, Ang Sabi ni Tatay | |
| 4 | Ang Pambihirang Babaeng Hindi Umuupo | |
| 5 | Superwoman si Inay! | |
| 6 | Ang Sapatos ni Mommy | |
| 7 | *Mommy ni Kuya, Mommy Ko* | |
| *8* | Ang Ikaklit sa aming Hardin | Gitnang uri |
| 9 | *Siya ba ang Inay ko?* | |
| 10 | Ipinaglihi sa Labanos | |
| 11 | Sikat ang Mommy ko! | Mataas na uri |

### *Ang Ina bilang Miyembro ng Lakas-Paggawa*

Batay sa resulta, lima sa 11 kuwento ay aktibong kumikilos ang karakter na ina para sa ikabubuhay ng pamilya. *Elevator operator* ang nanay sa unang kaso; *local domestic helper* ang trabaho ng ina sa pangalawang kaso; OFW (Overseas Filipino Worker) sa pangsiyam na kaso; raketera ang nanay sa panlimang kaso at; *saleslady* ang ina sa pang-apat na kaso.

Litaw sa mga binanggit na trabaho ang peminisasyon ng paggawa (*feminization of labor*) sa konteksto ng kapitalismo. Sa papel nina Elgin at Elveren (2021), binigyang pagpapakahulugan ang katawagang ito bilang:

> "*[...] women's increased participation in paid work as well as to the deterioration of working conditions in previously male jobs* (Anker, 1998; Standing, 1999, p. 1)."

Pinatunayan ito ng masigasig na pagkilos ng ina sa mga kuwento na nagpapahiwatig na: 1) sila lamang ang naghahanapbuhay sa pamilya o; 2) katuwang sila ng asawa o higit silang inaasahan sa paghahanapbuhay. *Semi-skilled* at kontraktuwalisado ang mga trabahong ito at ang partisipasyon ng ina sa mga naturang serbisyo ay sumasalamin sa pahayag nina Beneria, Berik at Floro (2016) na binanggit sa pag-aaral nina Elgin at Elveren (2021) na mas pinipili ng mga sektor na *labor-intensive, export-oriented* ang pagtanggap sa mga manggagawang babae.

Ang mga naturang hanapbuhay ay walang pangmatagalang seguridad sa kabuhayan. Pinatotohanan nito ang tinuran sa pag-aaral ni Manalo (2018) na ang gampaning pangkabuhayan sa kababaihan ay mas mababa ang kinikita. Mauunawaan din na ang pagiging *semi-skilled* ng mga magulang ay dulot ng mababang antas ng edukasyong natamo.

### *Ang Ina bilang Housewife, at Single Mother*

Sa kabilang banda, tig-tatlong kuwento ang *housewife* ang ina (pangatlo, pangsampu at panglabing-isang kaso), at *single mother* (una, pang-apat, at pang-anim na kaso) at isang mahihiwatigang *housewife* at *single mother* (pangpitong kaso).

Sa pang-anim na kaso, hindi makabili ng sariling pangangailangan ang karakter na ina ngunit pinipilit ibigay ang hinihingi ng mga anak. Kinakain din lang niya ang tirang pagkain ng kanyang mga anak. Inilarawan ang ina bilang mapagsakripisyo't mapagpaubaya, sa sitwasyong malinaw na may suliraning ekonomikal na pinaiigting ng pagiging *single mother*.

Isang biyuda ang nanay sa pang-apat na kaso na dahil isang *saleslady*, lagi siyang nakatayo. Hanggang sa bahay ay hindi siya makaupo dahil sa iba pang responsibilidad o *household chores*. Pasan ng ina ang lahat bilang nag-iisang magulang sa anak.

Kailangang malayo sa sariling anak ang nanay sa *pangalawang kaso*. Nagsakripisyong magtrabaho bilang yaya sa lungsod at iniwan ang anak sa lola sa probinsya. Mag-isang itinataguyod ang pamilya dahil siya lamang ang may kakayahang kumita.

Mapagsakripisyo, matiisin, mapagpaubaya – ilan lamang ang mga ito sa paglalarawan sa mga ina na sinasalamin ng danas ng mga *single mother* sa tatlong kuwento. Ang kanilang aksyon ay pagtugon sa mga hamong dulot ng uring kinabibilangan nila. Umaayon dito ang resulta ng pag-aaral nina Kim at Kim (2020) na naglantad na suliraning pinansiyal ang isa

sa mga dahilan ng hindi maayos na kalidad ng buhay ng mga *single mother*. Samakatuwid, maipalalagay na paglutas sa nasabing suliranin ang prayoridad ng mga inang kabilang sa kategoryang ito.

Sa kabilang banda, mahalagang puntuhin na tanging ang pangatlong kaso ang nagpakita ng pasibong karakter ng ina. Isa siyang *housewife* sa asawang *taxi driver*, at kapwa nagtuturo sa mga anak ng mga palasak na estiryutipong pangkasarian tungkol sa gampaning pangkasarian ng mga batang babae at lalaki. Pinaalalahanan ang anak na babae kung paano maging magaling sa mga gawaing-bahay na madalas iniaatang sa kababaihan (pah. 2-6). Ipinakita sa kuwento kung paanong ang estiryutipikal na gampaning pangkasarian ay naipapasa sa pamamagitan ng *parenting practice* sa loob ng tahanan (Mesman at Groeneveld, 2018). Ang aksyon ng ina ay sumasalamin sa pananatili ng mga tradisyonal na ideolohiya sa gampanin sa pamilya. Ayon kina Halpern at Perry-Jenkins (2015), umiiral ang ganitong praktis sa mga pamilyang *low-income*, habang sa pamilyang nasa gitnang uri, napag-uusapan ang pantay na dibisyon ng paggawa, lalo na kung nagtatrabaho rin ang asawang babae. Samakatuwid, nagsasalikupan ang kasarian at uri sa pagdedesisyon kung ano ang gampanin ng mag-asawa sa tahanan, at maaaring makaapekto ito sa itinuturo sa mga anak.

### *Ang Ina bilang Kabilang sa Gitna at Mataas na Uri*

Naiiba sa mga naunang kuwento ang dalawa pang nanay sa pampito at pangsampung kaso. Umikot ang kuwento sa paglalarawan bilang mapag-arugang magulang sa anak na may *down syndrome* (pampitong kaso) at mapagkalinga kahit sa hindi tunay na anak (pangsampung kaso). Ipinakita ng kanilang karakter ang mapagkalingang kalikasan ng isang ina sa kabila ng mapanghamon ang inaasahang danas ng may kapamilyang may kapansanan, at desisyong mag-ampon. Gayonpaman, nahiwatigang may kakayahang pinansiyal ang ina sa mga kuwentong ito. Dahil ang pagkakaroon ng anak na may kapansanan, at pag-aampon ay may kaakibat na pangangailangan sa pinansiyal na kapasidad at paglalaan ng oras at atensiyon.

Pinili ring maging *full-time* nanay ng ina sa panglabing-isang kaso. Nahihiya ang bata na walang trabaho ang kanyang ina. Kalauna'y nalamang dati pala itong mahusay na lider ng isang kumpanya. Tinalikuran lamang ang karera nang magkapamilya. Sa kuwento, malinaw na kabilang ang pamilya sa mataas na uri, na pinatunayan ng *career background* ng nanay, ang implisitong pagiging negosyante ng tatay, at paninirahan sa isang *condominium unit*. Ang kanyang pagsasakripisyo ay sariling kagustuhan. Naiiba sa mga naunang nanay na nagsakripisyo dahil kailangan. Ang pagpiling maging *full-time* nanay ay manipestasyon ng mataas na uring pamumuhay (Hilferty, 2019). Ang kakayahan at kalayaang piliin ang mas nais gawin ay isang anyo ng pribilehiyo.

### *Ang Ina bilang Lesbiyanang Partner*

Dalawa ang nanay sa pangwalong kaso. Hindi binanggit ang trabaho ng magkatipan ngunit nahiwatigang sila ay kabilang sa gitnang uri. Nakatira sa isang maliit na bahay na may

munting halamanan sa lungsod ng Baguio. May kakayahan at oras sa pamamasyal sa mga pook-panturismo. Gayonpaman, sa paaralan naranasan ng anak ang panunudyo ng ibang bata dahil sa kanilang naiibang pamilya. Sa kabila nito, mahinahon at malumanay ang pagtanggap ng lesbiyanang magkatipan. May pribilehiyo sa kahinahunan. Ang usapin ng uri o estado ng pamumuhay ay mahalagang salik sa kanilang paglalarawan at kabuuang danas, halimbawa, ang kakayahang hindi magpaapekto sa sinasabi ng iba dahil ayos naman ang buhay nila.

Ang iba-ibang identidad ng ina ay may kaakibat na iba-ibang danas ng disbentahe. Ang kasarian at uri ay nagiging mapang-api dahil sa mga istrukturang panlipunan ng patriyarka at kahirapan dulot ng kapitalismo. Ang mga ito ay eksternal sa mga indibidwal at maaari ring mapanghimasok dahil hinuhubog ng mga istrukturang panlipunan ang kultura, *norms*, at pagpapahalaga kung paano tinatrato ang mga babae at mga taong galing sa uring manggagawa o mas mababa pa. Puwera o dagdag pa, maaaring mas nakapagpapalala sa danas ng babae o indibidwal ang epekto ng pagkakaroon ng kapamilyang kabilang din sa iba pang identidad. Kung mababa ang tingin ng lipunan, hindi prayoridad ng mga panlipunang pribilehiyo, at samakatuwid, marhinalisado. Sa ganitong pag-unawa, napatunayang ang hugpungan ng iba-ibang kategorya ng identidad ng isang babae ay nakabubuo ng iba ring anyo ng disbentahe, na magpapaigting naman sa posibilidad ng danas ng inekuwalidad (Crenshaw, 1989, sa Carastathis, 2014).

Malaki rin ang epekto ng uri upang malagay sa sitwasyon ng pagsasakripisyo o *multiple burden* ang isang ina. Maging ang pinagpapalagay na tungkulin ng ina ay nagiging *burden* kapag may interseksyon ng uri. Inilantad ito ng mga sinuring kuwento kung saan ang ina ay nabibilang sa mababang uri at/o walang katuwang sa paggawa ng naturang tungkulin. Ayon sa pag-aaral na "Gender, Social Class, and Women's Employment" nina McGinn at Oh (2017), ang karanasan ng kababaihan sa trabaho at tahanan ay hinuhubog ng uring kinabibilangan nila. Samakatuwid, may ugnayan ang uri at kasarian na pinaiigting ng mga kategorya ng identidad ng indibidwal at ng mga taong pinakamalapit sa kanya (e.g., kapamilya), at nagreresulta ito sa nagbabagong danas ng kababaihan.

## Kongklusyon at Rekomendasyon

Pangunahing layunin ng pag-aaral ang masuri ang mga karakter na ina at kanilang uri sa mga piling kontemporaneong panitikang pambata gamit ang eklektikong konseptuwal na balangkas. Napagtibay ang pag-unawa sa uri sa pamamagitan ng pagtukoy sa gampaning panghanapbuhay ng mga karakter na ina at kategorya/identidad ng kapamilya.

Nailantad ng pagtalakay ang paglalarawan sa mga karakter na ina mula sa interseksyon ng mga sumusunod na kategorya: a) ang ina bilang kabilang sa lakas-paggawa, na nagpaunawa sa uring kinabibilangan nila; b) ang ina bilang housewife, at single mother; at c) ang ina bilang lesbiyanang partner.

Batay sa pagsusuri, natuklasan na a) aktibong nakikilahok sa lakas paggawa at kabilang sa uring manggagawa ang karakter na ina sa lima sa 11 kuwento; b) nailalantad ng kategorya/identidad ng kapamilya ang opresyon at pribilehiyo sa buhay ng ina, at; d) nakaaapekto ang uri sa depiksiyon ng mga ina.

Nasipat na malaki ang epekto ng iba-ibang kategorya o identidad ng ina at ng kapamilya sa kanyang kabuuang danas. Ang uri o *class* ay napatunayang mahalagang salik na nakaiimpluwensiya sa kanilang pagpapasya at pag-aksyon. Ang pagsasakripisyo'y tugon sa mga hamon. Habang pribilehiyo ang kakayahang pumili, maging malaya at mahinahon. Sa pagdadalumat, tumambad ang pangangailangang unawain ang mga nakahugpong na kategorya ng iba pang nasa paligid ng karakter na ina dahil nakaambag ito sa kakanyahan ng bawat naratibo.

Ang naturang eklektikong lente ay isang mahalagang pamamaraan upang lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang lipunang Pilipino bilang nirerepresenta ng mga danas ng karakter sa kuwento na danas din nila at/o ng kanilang pamilya. Ang representasyong panlipunan ay makakatulong upang maunawaan ng bata ang konsepto ng *learner diversity* – na nabibilang sa iba't ibang uri ang mga kapwa nila bata kung kaya't iba-iba rin ang kanilang mga danas at pangangailangan sa buhay. Ibig sabihin, bawat bata ay dapat unawain ang gawi, itsura at iba pa ng kanilang mga kapwa bata. Nahahasa rin ang *reading comprehension* at *critical thinking skills* ng mga estudyante habang sila'y namumulat sa iba-ibang umiiral na representasyong panlipunan. Sa panig ng mga guro, maaaring gamitin ang mga aklat pambata bilang bahagi ng *differentiated instruction*, lalo sa mga klase na *highly heterogeneous* o *highly diverse* ang learner population.

Ang pag-aaral na ito ay limitado lamang sa mga piniling panitikang pambata mula 2009-2016. Maaaring mapalalim at mapalawak ang pagsusuri kung magsasagawa pa ng pag-aaral sa mga karagdagang akdang nailimbag pagkatapos ng yugtong saklaw ng pag-aaral. Isang anggulong maaaring sipatin sa susunod na pananaliksik ay ukol sa gampaning pangkasarian hindi lamang ng karakter na ina, ngunit pati ang ibang karakter na babae sa mga kuwento.

Sa mga manunulat at guro, sumulat pa ng mga panitikang pambata o kagamitang edukasyonal na tumatalakay ng mga usapin ukol sa iba pang sab-kategorya sa lipunan. Sa mga mananaliksik, iminumungkahing subukang gumamit ng maka-Pilipinong paraan kung saan ang Teorya ng Interseksyonalidad ay eklektikong iuugnay sa konsepto o dalumat ng kapwa, loob at iba pang kaugnay na konsepto sa Sikolohiyang Pilipino at/o Pilipinolohiya. At upang paigtingin ang paggamit sa mga akdang pambata sa lunan ng edukasyon, maaari ring gumawa ng kaugnay na pag-aaral na tutuon sa pagsipat sa ugnayan ng paggamit sa mga ito sa pagtuturo at pagkatuto tungo sa paglinang ng mahahalagang kompetensi sa pagbasa at pag-unawa.

■ ■ ■

## Mga Sanggunian


Aguinaldo, M. E. (2023). A glimpse at children's literature in the Philippines: a sourcebook review. *Philippine Journal of Librarianship and Information Studies, 43*(1), 39–41. http://phjlis.org/index.php/phjlis/article/view/112/90

Aquino, L.F.Y. (2023). Philippine children's stories as protest: A cognitive stylistics approach. *Bookbird: A Journal of International Children's Literature, 61*(1), 3-12. https://doi.org/10.1353/bkb.2023.0001.

Briones, A. C. D. (2019). Gender representation in Philippine junior high school english language textbooks. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 7*(4), 18–25. http://www.apjmr.com/wp-content/uploads/2019/09/APJMR-2019.7.04.03.pdf

Bulut Ozsezer, M. S., & Canbazoglu, H. B. (2018). Picture in children's story books: Children's perspective. *International Journal of Educational Methodology, 4*(4), 205-217. https://dergipark.org.tr/en/download/article-file/573184

Calagapi, S. (2015). *Ang Sabi ni Nanay, Ang Sabi ni Tatay*. (J. Bauza, Illus.). UNICEF.

Carastathis, A. (2014). The Concept of Intersectionality in Feminist Theory. *Philosophy Compass, 9*(5), 295-359. https://doi.org/10.1111/phc3.12129

*CHED Memorandum Order No. 1, Series of 2015*. https://ched.gov.ph/wp-content/uploads/2017/10/CMO-no.-01-s.-2015.pdf

D. Tiangson, S. (2018). Images and gender role development of Filipino women on selected short stories. *European Journal of Multidisciplinary Studies, 7*(1), 144. https://doi.org/10.26417/ejms.v7i1.p144-154

*DepEd Order No. 32, Series of 2017.* https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2017/06/DO_s2017_032.pdf

Elgin, C., & Elveren, A. Y. (2021). Informality, inequality, and feminization of labor. Women's Studies *International Forum, 88*, 102505. https://doi.org/10.1016/j.wsif.2021.102505

Gatmaitan, L. (2016). *Ipinaglihi sa Labanos*. (R. Sunga, Illus.). Anvil Publishing, Inc.

Gojo Cruz, G. (2019). *Ako ay may titi*. (B. Parrocha, Illus.). Lampara Publishing House, Inc.

Gonzalez, F. R. (2015). *Munting Opisina ni Nanay*. (B. Parrocha-Doctolero, Illus.). Lampara Publishing House, Inc.

Halpern, H. P. & Perry-Jenkins, M. (2015). Parents' gender ideology and gendered behavior as predictors of children's gender-role attitudes: A longitudinal exploration. *Sex Roles*, *74*(11), 527-542. https://doi.org/10.1007/s11199-015-0539-0

Hilferty, B. (2019). Navigating motherhood in the twenty-first century: A comparative analysis of elite mothers who opt-out, continue working or parent alone. *The Ahfad Journal, Suppl.Special Issue, 36*(1), 65-77. https://login.proxy038.nclive.org/login?url=https://www.proquest.com/scholarly-journals/navigating-motherhood-twenty-first-century/docview/2298750033/se-2?accountid=10098

Java, J. R. B., & Parcon, C. R. F. (2016). Gendered illustrations in Philippine textbooks. *Asia Pacific Higher Education Research Journal, 3*(1). https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/apherj/article/view/204/146

Kim, G. A. & Kim, E. J. (2020). Factors affecting the quality of life of single mothers compared to married Mothers. *BMC Psychiatry, 20*(169). https://doi.org/10.1186/s12888-020-02586-0

Lukács, G. (1963). *The Meaning of Contemporary Realism*. Translated by John Mander and Necke Mander. Merlin Press. https://gyorgylukacs.files.wordpress.com/2014/12/the_meaning_of_contemporary_realism.pdf

Manalo, A. S. D. (2018). Gender representation and stereotypes in the K-12 english learner's materials. *International Journal of Scientific Research and Management, 6*(08). https://doi.org/10.18535/ijsrm/v6i8.el02

Mante-Estacio, M. J., Dumalay, F. K., & Rentillo, P. (2018). Gender representation in filipino storybooks for children. *Indonesian Journal of Applied Linguistics, 8*(1). https://doi.org/10.17509/ijal.v8i1.11460

Matias Jr., S. (2009). *Ang Sapatos ni Mommy*. (J, Dandan-Albano, Illus.). Lampara Publishing House, Inc.

Matias Jr., S. (2009). *Sikat ang Mommy ko!.* (Z. Bascon, Illus.). Lampara Publishing House, Inc.

Matias Jr., S. (2010). *Superwoman si Inay!.* (G. Madueño, Illus.). Lampara Publishing House, Inc.

Matias Jr., S. (2012). *Siya ba ang Inay ko?*. (J. Tejido, Illus.). Lampara Publishing House, Inc.

Matias Jr., S. (2014). *Mommy ni Kuya, Mommy Ko*. (G. Madueño, Illus.). Lampara Publishing House, Inc.

McGinn, K. L., & Oh, E. (2017). Gender, social class, and women's employment. *Current Opinion in Psychology, 18*, 84–88. https://doi.org/10.1016/j.copsyc.2017.07.012

Mesman, J. & Groeneveld, M. G. (2018). Gendered parenting in early childhood: Subtle but unmistakable if you know where to look. *Child Development Perspectives, 12*(1), 22-27. https://doi.org/10.1111/cdep.12250

Molina, R. (2014). *Ang pambihirang babaeng hindi umuupo*. (R. Joson, Illus.). Lampara Publishing House, Inc.

National Bookstore (2016). *Lines of Flight: The Practice and Limits of Realism in Philippine Fiction. A Forum.* Panelists: Luna Sicat Cleto, Dean Alfar, Charlson Ong, Jaime An Lim, Eliza Victoria, and Gabriela Lee. Moderator: J. Neil. C. Garcia. A transcription of the University of the Philippines Press panel discussion that took place at Raffles Makati, on the first day of the Philippine Readers and Writers Festival, sponsored by National Bookstore, on August 26, 2016. https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/lik/article/view/6054/5399

Neri, B. V. (2012). *Ang Ikaklit sa aming Hardin*. (C. de Silva, Illus.). Raintree Trading and Publishing, Inc.

Oris, G. (2020). *Ako ay may kiki*. (B. Parocha, Illus.). Lampara Publishing House, Inc.

Remigio, M. C. (2015). *Yaya niya, Nanay ko*. (N. Lim, Illus.). UNICEF.

Tarrayo, V. N. (2014). Gendered Word (or World): Sexism in Philippine preschool english language textbooks. *I-Manager's Journal on English Language Teaching, 4*(2), 25–32. https://doi.org/10.26634/jelt.4.2.2795

TVUP. (2019, April 15). *Gender talks | Episode 08: Intersectionality. Featuring Elizabeth Enriquez, Carolyn Sobritchea, Nathalie Africa-Verceles and Rolando Tolentino* [Video file]. Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=zcYrmTAi7ag&list=WL&index=28&t=7s&ab_channel=TVUP

Tyson, L. (2006). *Critical theory today: A user-friendly guide* (3rd ed.). Routledge. https://mahollandela.weebly.com/uploads/5/4/9/5/54951553/critical-theory-today__1_.pdf

Villanueva, B. (2020). *These children's books teach young boys and girls to see their private parts without malice*. PhilstarLife. https://philstarlife.com/geeky/447412-controversial-kiddie-books